Hail Mary, full of grace,
the Lord is with thee.
Blessed art thou among women,
and blessed is the fruit of
thy womb, Jesus.






# Tinig

OFFICIAL NEWSLETTER OF SAN GUILLERMO PARISH

SEPTEMBER—OCTOBER, 2014 * 103 E. MENDOZA ST., BUTING, PASIG CITY * VOLUME 2, ISSUE 8


## PILGRIMAGE







*One of the most basic needs of a human life is to travel from one place to another! Travelling is an essential segment of survival. It makes you feel energetic and alive. Different people have different reasons to travel but what you gain from this process remains the same for all. - by Nandni*

A pilgrim is a traveler, a wanderer. But to be a pilgrim of Christ, you have nothing to bring. No sackcloth, no sandals, no extra shirt and no money. All you have to do is to rely on God. Your faith will be tested as you travel along the way.


The pilgrimage I joined lately is different from what Christ is expected. We have a luggage full of clothes, food, medicines, money, and "pasalubong". The comforts and discomforts are there but we have to be patient and open-minded. But what is highly encouraging on that journey amidst the beautiful scenery and long travel is to have that prayerful mood. Never take away God in these instances. This pilgrimage was planned on the occasion of the Bicentennial Year of San Roque Parish, Pateros next year, 2015. After ordination to the priesthood in 2010, I was assigned in Pateros as Parochial Vicar of Rev. Fr. Roy M. Rosales, STL, parish priest. Hence, I am in a way an adopted son of San Roque Parish.

I view it as a blessing to be part of that group and visit the places of San Roque in Montpellier and Santa Martha in Tarascon, and in France respectively. Never did I imagine that someday I will visit these sacred places. It was a one-in-a lifetime opportunity.

Travel while you are young and able. Every journey teaches you something. There are certain lessons that you can learn while traveling. Travel makes you a complete man or a better man. More than ever, it taught me how to value my own spirituality and thank God for sending me holy people to be the guide. Before, it was only an imagination; it was, before, miles away but it came true right before my eyes. There was the beautiful church building, the relics, the baton (tungkod) of San Roque and Sta. Martha with her crypt, her gothic tomb, relics and beautiful images. It was a blessing and a privilege to see all these things. What made this pilgrimage extra-special was the visit to Lourdes, France to our Lady of Immaculate Conception. The image was so simple and inviting. I couldn't stop looking at the image of the virgin and imagine how it happened. But it led me back to contemplate that, with God nothing is impossible.









It was a wonderful journey and even I was far, I prayed for all of you. Indeed, precious stones are nothing to compare than offering a prayer to someone.

—FR. JOEFFREY BRIAN V. CATUIRAN

## ROSARYO: ANO ITO PARA SA'YO?

*Ang* ***rosaryo*** *o* ***santo rosaryo*** *(nangangahulugang "banal na rosaryo") ay ang dasal na binubuo ng ibang panalangin katulad ng Sumasampalataya Ako, Ama Namin, Aba Ginoong Maria, Luwalhati, Aba Po Santa Mariang Hari, at litanya. Binubuo rin ito ng mga misteryo na dinarasal na ginagamitan ng rosaryo, isang kasangkapan sa pagdarasal na binubuo ng krus at mga butil na pinag-ugpug-ugpong. Dinarasal ito para sa Mahal na Birheng Maria. Binubuo ng apat na misteryo ang pagdarasal ng rosaryo.*

Tuwing buwan ng Oktubre ay buwan ng Santo Rosaryo. Ipinagdiriwang ito upang ipagdangal ang Birheng Maria. Halos 1,200 taon na rin ang nakalilipas nang unang isagawa ng mga Katoliko sa iba't ibang panig ng mundo ang pagdarasal ng Santo Rosaryo. Ang Santo Rosaryo ay nagsimula noong ika-19 na siglo, kung saan ang mga monghe mula sa Ireland ay bumibigkas ng 150 salmo ng bibliya bilang pangunahing papuri nila sa Diyos. Subalit, sadyang mahirap bigkasin at sauluhin ang 150 salmo sa bibliya, dahilan sa hindi makapagpalimbag ng mga kopya nang mga panahong iyon. Dahil dito, pinalitan ng mga mamamayan ng 150 Ama Namin ang 150 salmong galing sa bibliya.

Naging popular ang debosyong ito, maging sa ating parokya ni San Guillermo, kaya naman lumikha ang mga mamamayan ng isang bagay o gamit bilang gabay sa kanilang pagdarasal. Noong una, 150 maliliit na bato ang inilalagay nila sa kanilang mga bulsa, at habang sila ay nananalangin ay binibilang nila ito sa kanilang bulsa. Subalit ang pamamaraang ito ay sadyang mahirap at komplikado, kaya't gumamit sila ng isang manipis na lubid na may 50 buhol. Sa kalaunan, gumamit sila ng lubid na may maliliit na kahoy.

Pagkalipas ng ilang taon, ang mga monghe galing sa Ireland ay naglakbay sa buong Europa at pinalaganap ang debosyon ng Santo Rosaryo.

Ang pagdarasal ng 50 "Angelic Salutations" ang naging batayan ng mga relihiyoso noon sa pagdarasal gamit ang piraso ng kahoy o buhol sa lubid, bilang kanilang gabay.

Hindi kalaunan, lumaganap ang pagdarasal ng Santo Rosaryo sa pamumuno ni Blessed Alan de Rodre, isang Dominikano. Ang mga dasal ay nahahati sa 10 at sumisimbolo ito sa 10 dekada. Sa 10 dekada dadasalin ang "Aba Ginoong Maria" bago ang isang panalangin ng "Ama Namin".

Noong taong 1700, ang mga kaisipang ginamit sa Santo Rosaryo ay kwento ng buhay ni Hesukristo. Si St. Louis de Montfort ay lumikha ng mga kwentong tutugma sa bawat dekada ng rosaryo. Ang mga kwentong ito ay nahati sa kasiyahan, kalungkutan at kagalakan", na sumisimbolo bilang mga misteryo ng rosaryo. Ngunit noong 2002, ang mahal na Santo Papa Juan Paulo II ay nagdagdag ng 5 pang misteryo na tinawag na mga "misteryo ng liwanag".

Ang pagdarasal ng Santo Rosaryo ay isang banal na pag-aalay ng papuri at pasasalamat hindi lamang sa Mahal na Birheng Maria kundi sa Poong Maykapal. Ang debosyong ito ay ating panatilihin, at tingnan ang pagdarasal ng Santo Rosaryo hindi bilang isang obligasyon ngunit isang matamis na pag-aalay ng mga dalangin sa Panginoon.

Ikaw ba, nagdarasal ka ba ng santo rosaryo? Ako, honestly, nadadasal ko yan kapagka hindi ako makatulog. Mahirap labanan ang antok pagdating sa pagdarasal ng rosaryo. Pero this is one of the most beautiful devotions na meron tayo. At isa ito sa mga ipinagmamalaki nating mga Katoliko. I am daring not only you, but also myself to pray the rosary at least once a day. There will be something better. I know. ***—(ROWELL ANNE SANTOS)***

*Hango mula sa "A Brief History of the Rosary" ni Dan Rudden*
*http://www.erosary.com/rosary/about/history.html*

**OUR PARISH**

**REV. FR. JOEFFREY BRIAN V. CATUIRAN, JCL**
Parish Priest

**SCHEDULE OF MASSES:**
**-SAN GUILLERM O PARISH**
**DAILY MASS (TAGALOG):**
Mondays-6:00AM / Tuesdays-6:00PM
Wednesdays-6:00AM & 6:00PM
Thursdays-6:00PM
Fridays-6:00AM & 6:00PM
Saturdays-6:00AM &
6:00PM (Anticipated Sunday Mass)

**SUNDAY**
Main Parish
6:00AM; 7:15AM (English Mass);
9:00AM; 4:30PM; 6:00PM & 7:30PM

**-C H A P E L S-**
**(1) San Joaquin Chapel**
Sundays - 7:30AM and 6:00 PM
**(2) St. Francis of Assisi (Lexington)**
Saturdays (English) - 8:00PM
Sundays (English) - 10:15AM
**(3) Nuestra Señora de Guia (Ulilang Kawayan)**
Sundays - 4:30 PM
First Friday - 7:30PM
**(4) San Pedro Calungsod (East Mansion)**
3rd Sunday of the Month - 10:30AM

**-S E R V I C E S-**
**Confession**
Wednesday & Friday - 5:30PM
**Baptism** - Sunday - 11:30AM
**Wedding**
Kindly arrange with the parish office two months before the desired date
**Sick Call** - anytime
**Blessing** - by appointment
**Funeral Mass** - by appointment

**-DEVOTIONS & NOVENAS-**
Monday - Holy Trinity - 5:00PM
Tuesday - San Lorenzo Ruiz - 5:00PM
Wednesday -
Our Lady of Perpetual Help - 5:00PM
Thursday - Ina Poon Bato &
San Guillermo de Maleval - 5:00PM
Holy Hour & Benediction every 1st Friday of the Month - 5:00PM
Saturday - Memorial of the Blessed Virgin Mary - 6:00AM

**PARISH OFFICE HOURS**
Tuesdays to Sundays
8:00AM to 5:00PM

103 E. Mendoza St., Buting, Pasig City
Tel No. (02) 642-8051
Fax No. (02) 642-8051
E-Mail:
sanguillermodioceseofpasig@yahoo.com
Sgp Buting Dioceseofpasig

Tinig
OFFICIAL NEWSLETTER OF SAN GUILLERMO PARISH

**EDITORIAL STAFF**
Mina Anore, Rowell Anne Santos, Joezel Polintan, Barry Villanueva, Junie Gulle, Kyrie Lababo, AJ Sanchez
Mary Ann Ochoa, Jean Roselle Goloso

**CIRCULATION STAFF**
Renz Pefenia, Kyrie Lababo, Archie Lao
Marck Sumulong, AJ Sanchez

**ADVISER**
Boy Jadaone
Rev. Fr. Joeffrey Brian V. Catuiran

**PRINTER**
R.O. Santos

Send your comments, suggestions & feedback/ story, photograph & artwork contributions to TINIG @ sgp_media@yahoo.com or to joepol18@yahoo.com

# MUNTING KATESISMO



## "ANG 15 PANGAKO NG MAHAL NA BIRHENG MARIA SA LAHAT NG KRISTIANO NA NAGDARASAL NG SANTO ROSARIO"

Sinasabi sa isang tradisyon ng mga Dominikano (Order of Preachers), na ang Mahal na Birhen ay gumawa ng Labinlimang Pangako para sa lahat ng mga Kristiyanong magdarasal ng Banal na Rosaryo na ibinigay kay Sto Domingo de Guzman. Ito ay ang mga sumusunod:

1) Sino mang matapat na maglingkod sa akin sa pamamagitan ng pagdarasal ng Rosaryo ay makakatanggap ng mahalagang grasya.

2) Ipinangangako ko ang aking tanging pagsasanggalang at grasya sa lahat ng magdarasal ng Rosaryo

3) Ang Rosaryo ay isang malakas na baluti laban sa impiyerno. Ito ay makakagiba ng bisyo, makakabawas ng kasalanan at makakalaban sa maling pananampalataya.

4) Magiging sanhi ng kabaitan at mga banal na Gawain para sa kaluwalhatian, ito ay makapagkakamit para sa kaluluwa ng masaganang awa ng Diyos. Ito ang makapaglalayo sa puso ng tao sa hangaring kamunduhan at kawalang halaga nito. Ang Rosaryo ay magtataas sa kanila sa pagnanais sa walang hanggang kaligayahan O nawa'y magpakabanal ang mga tao sa pamamagitan ng Rosaryo

5) Ang mga kaluluwa na naglalagak sa kanilang sarili sa akin sa pamamagitan ng Rosaryo ay hindi mapapahamak.

6) Ang sino mang magdarasal ng taimtim ng Rosaryo habang nag ninilay ng mga Misteryo ay hindi malulupig ng kasawiang palad. Siya ay hindi parurusahan ng hustisya ng Diyos , hindi siya mamamatay sa kamatayang walang paghahanda, kung siya ang nabubuhay ng matuwid siya ay mananatili sa grasya at magiging karapatdapat sa buhay na walang hanggan.

7) Sino mang may matapat na debosyon sa Rosaryo ay hindi mamamatay ng walang sarkramento ng Iglesia

8) Ang mga matatapat sa pagdarasal ng Rosaryo ay magkakaroon sa buhay at sa kamatayan ng liwanag Diyos, at kasaganaan ng grasya sa merito ng mga santo sa paraiso

9) Aking hahanguin sa purgatory ang mga deboto ng Santo Rosaryo

10) Ang matatapat na anak ng aking Rosaryo ay magkakamit ng mataas na kaluwalhatian sa langit.

11) Makakamtam niya ang anumang hingin niya sa akin sa pamamagitan ng Santo Rosaryo

12) Lahat ng mag papalaganap ng debosyon sa Santo Rosaryo ay tutulungan ko sa kanilang mga pangangailangan.

13) Ang lahat ng tagapagtaguyod ng Rosaryo ay magkakaroon ng tagapamagitan sa buong kalangitan

14) Ang lahat ng nagdarasal ng Santo rosaryo ay ibibilang kong anak at kapatid ng bugtong kong anak na si Hesus.

15) Ang debosyon sa aking Rosaryo ay isang dakilang tanda ng kahalagahan ng pagkaligtas ng isang tao.

*—Barry Villanueva*

## DIKSIONARYO (BIBLE WORDS & MEANING)

1. **Dawag- mahabang punong kahoy na matinik** - *"Mapipitas ba ang ubas sa puno ng **dawag**, o ang igos sa matitinik na halaman?"Mt. 7:16*
2. **Kubol- tent (tolda) -** *Sinabi ni Pedro kay Jesus, "Panginoon, mabuti't naririto kami. Kung gusto ninyo, gagawa ako ng tatlong kubol, isa para sa inyo, isa para kay Moises at isa para kay Elias." Mt. 14:4*
3. **Nangangalunya -ay pagsira ng kasunduan o pagsuway sa pangakong binitawan sa pagkakakasal sa isang tao sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pisikal na ugnayan sa iba pang tao** - *"Dapat igalang ng lahat ang pagsasama ng mag-asawa at maging tapat kayo sa isa't isa, sapagkat hahatulan ng Diyos ang mga nakikiapid at nangangalunya." Hebreo 13:4*
4. **Ikapu - Ang ikasampung bahagi ng kinikita o inani, ibinibigay bilang pagkilala sa pagmamay-ari ng Diyos sa lahat ng bagay.** - *"Ialay ninyo sa lugar na pipiliin ni Yahweh ang inyong mga handog na susunugin at iba pang handog, tulad ng **ikapu**, handog mula sa inyong mga ani, . ." Deuteronomio 12:11*
5. **Kaloob - Pagbabahagi ng talento (o kaloob)** *"Tumanggap tayo ng iba't ibang kaloob ayon sa kagandahang-loob ng Diyos, kaya't gamitin natin ang mga kaloob na iyan."Roma 12: 6*

*Researched by: Junie Gulle*


## St. Michael, St. Gabriel, & St. Raphael





ANG Setyembre 29 ay Pista ng mga Arkanghel na sina San Miguel, San Gabriel, at San Raphael, ang mga natatanging anghel na binanggit sa Banal na Kasulatan dahil sa kanilang mahahalagang papel sa kasaysayan ng kaligtasan. Si San Miguel, ang "Prince of the Heavenly Host" ay ang lider ng lahat ng anghel at dakilang tagapagtanggol, si San Gabriel ang tagapaghatid ng mabuting balita. At si San Raphael ay ang banal na manggagamot. Si San Miguel ay apat na beses na nagpakita – sa Aklat ni Daniel, sa Sulat ni San Hudas, at sa Aklat ng Pahayag. Si San Gabriel ay nasa Aklat ni Daniel, at Ebanghelyo ni San Lucas. Si San Raphael ay sa Ebanghelyo ni San Juan at sa Aklat ni Tobit. Ang debosyon kay San Miguel ang pinakamatanda sa debosyon sa anghel – simula noong ikaapat na siglo.

Simula noong 1970, ang mga pista nina San Gabriel, at San Raphael ay idinagdag kay San Miguel. Sila ay tinatawag na mga "santo" dahil sila ay mga banal; sila ay mga anghel, ibig sabihin ay mga "Mensahero ng Diyos" na naghahatid ng pag-ibig at pag-asa. Binigyan ng Diyos ang bawat tao ng kanyang sariling anghel na tagapagbantay bilang tagapagtanggol at tagapamagitan. Nakasaad sa Katekismo: Mula sa pagsilang hanggang sa kamatayan, ang buhay ng tao ay pinalilibutan ng kanilang maingat na pag-aalaga at pamamagitan. Sa tabi ng bawat mananampalataya ay nakatayo ang isang anghel bilang tagapagtanggol at pastol na gumagabay sa kanya sa buhay.




Ang pangalan ng mga arkanghel ay tumutukoy sa gawaing itinalaga sa kanila ng Diyos. Ang pangalan ni San Miguel ay nangangahulugang "Siya na katulad ng Diyos" dahil tinangap niya mula sa Diyos ang trabahong protektahan ang mga mananampalataya gaya ng pagpoprotekta ng Diyos sa kanila. Ang pangalan ni San Gabriel ay nangangahulugang "Lakas ng Diyos"; tatlong beses siyang nagpakita bilang isang mensahero – kay Daniel upang ipaliwanag ang pangitain kaugnay sa Messiah; kay Zachariah upang hulaan ang pagsilang ng kanyang anak na si San Juan Bautista; kay Birheng Maria sa Annunciation, upang ipahayag na siya ang magiging ina ni Jesus. Ang pangalan ni San Raphael ay nangangahulugang "Lunas ng Diyos" dahil sa paggamot sa isang bulag na lalaki at sa paghalo ng tubig sa lawa kung saan ginamot ni Jesus ang isang paralitiko.

Ang mga debotong Katoliko ay nananalangin kay San Miguel kapag nahaharap sa tukso; kay San Gabriel upang maging masunurin sa Diyos gaya ng ginawa ni Birheng Maria; at kay San Raphael kapag sila ay may sakit o mayroong nangangailangan ng lunas.

*Source: http://www.balita.net.ph/2014/09/29/ang-mga-arkanghel-hatid-ay-pag-ibig-at-pag-asa/*

# MOTHER BUTLER GUILD



Kami, ang MOTHER BUTLER GUILD, ay isang panrelihiyosong asosasyon ng mga kababaihan, na ang motto ay "lahat para kay Jesus sa pamamagitan ni Maria (All for Jesus thru Mary)"…

Vision at Mission: upang mas lubos na makilala si Jesus at Siya ay maipakilala sa lahat. Ang mahalin ang Panginoong Jesus at damahin ang kanyang pagmamahal (to know Jesus and to make Him known. To love Jesus and make Him loved.)

Ang pinaka-mithiin ay gayahin ang mga nagawa ni Mother Joseph Butler, sa kanyang apostolikong paglilingkod sa simbahan na nakasentro sa pangangalaga at pagsasaayos ng santuaryo at sakristiya. Ginugrupo ang kanilang sarili sa tatlo para sa dalawang buwan na termino, upang lahat ng miyembro ay mabigyan ng oportunidad na mapangalagaan, plantsahin, magbigay, magtahi at linisin ang mga sagradong gamit, damit, tela sa altar at iba pang mga gamit pang liturhiya tulad ng kandila, uling, insenso, at malaking hostya na ginagamit para sa pagdiriwang ng Misa.

Paano maging miyembro? Ang pagiging kasapi sa bokasyong MBG ay bukas para sa lahat ng katolikong babae na may magandang asal at may magandang imahe sa parokya. Upang maging kasapi ay kailangan sumailalim sa tatlong buwan na "probationary period" na kung saan ay masusundan ng pagsang-ayon mula sa kura-paroko. Merong dalawang uri ng pagiging miyembro: Ang aktibo - may 38 na aktibong kasapi na laging sumasali sa mga pagtitipon, buwanang spiritual formations, buwanang kumbensyon, recollection, retreat at anibersaryo ng diyosesis. Hindi lang ito, sumasali rin sa mga aktibidad ng Parokya at ng pari; Ang ikalawa ay Honorary – sila ay mga nasa ibang bansa na tumutulong sa samahan, at si G. Evelyn Tuano, regular at laging namumuno sa mga pangangailangang may kinalaman sa bulaklak ng simbahan tuwing Linggo.

Ang tunay ay pakiki-isa kay Kristo ay ang pagiging isang kasapi sa isang



mundo na puno ng kasiyahan at kabutihan para sa lahat. Kung ano mayroon tayo ay ating ibabalik kay Hesus, dahil Siya ang lahat, lalong-lalo na kapag inihahanda natin ang kalis at ciborio tuwing ito ay ating hinahawakan, lilinisin at pinupunasan. - - *sundan sa pahina 4*

# PERSONALITY IN FOCUS

## BETTY RAFAEL: MODELONG LAYKO NG PAROKYA NI SAN GUILLERMO

January 15, 1974 ng magsimulang maging kasapi ng Legion of Mary si Sis Betty sa panghihikayat ni Sis Pining Ramos. Iyan ang simula ng paghahandog ni Sis Betty ng malaking bahagi ng kanyang buhay sa paglilingkod sa ating Panginoon bilang kasapi at sa pamumuno ng iba't ibang relihiyosong samahan sa ating parokya.



Bukod pa sa iba't-ibang panahon na pagiging miyembro ng Chapel Council, ng Youth Council, Treasurer ng Cursillo, Secretary ng Temporalities, at pagiging Chairman ng Lectors and Commentators bago pa naging Parokya ang San Guillermo, walang patid ang pagiging aktibo ni Sis Betty bilang kasapi ng Mother Butler Guild, Cursillo, El Shaddai, Couples for Christ (bilang mag-asawa nila ni Dionicio), Secretary ng Apostolado ng Panalangin, at Coordinator ng Lectors and Commentators. Ito ay sa ilalim ng pamamahala ng lahat ng naging Kura Paroko, magmula ng maging Parokya ang San Guillermo Parish.

Nang maging Kura Paroko si Rev Fr Lito Jopson, iniatang sa balikat ni Sis Betty ang pamumuno sa Basic Ecclesial Communities (BEC) o Kawan bilang Coordinator, simula noong 2007 hanggang kasalukuyan, sa ilalim ng pamamahala ni Rev. Fr. Joeffrey Brian V. Catuiran. Ang BEC ang pinakamahalagang bahagi ng ating simbahan at sa BEC nakasalalay ang tuluy-tuloy na pagbubukluran ng lahat ng mga taga parokya. Sa maikling salita, ang lahat ng taga-parokya ng San Guillermo ay bahagi ng BEC o Kawan.

Kahit kailan ay hindi itinatwa ni Sis Betty ang pinagdaanan niyang kahirapan sa buhay na nagturo sa kanya upang maging masikap at maagap. Tumulong siya sa paghahanap-buhay ng kanyang magulang upang maitawid ang kanyang mga gastusin sa pag-aaral hanggang sa pagtatapos ng pagka-guro sa Philippine Normal College. Si Sis Betty ay nagturo sa mga Grade 1 pupils ng Buting Elementary School (BES) sa loob ng 38 taon simula January 15, 1975 hanggang sa kanyang pagreretiro nung September 30,2013. Naging pangulo siya ng BES Teachers' Club taong 2000 hangang 2002.

Ipinanganak nung January 20, 1953, si Sis Betty ay humuhugot ng inspirasyon sa ating Panginoon, sa kanyang kaisa-isang anak na si Donna Beth, at sa kanyang apo, si Fatima Franchesca. Sa panahon ng kanyang kabataan, pinangarap niyang maging madre upang makapagsilbi sa mga mahihirap,ngunit ang pangarap na iyan ay nalimot ng kanyang maka daupang-palad ang kanyang naging esposo, si Dionicio, na sa kasawiang-palad ay binawian ng buhay 7 taon na ang nakakaraan.

Ang kamalayan ni Sis Betty sa pagdarasal at pagrorosaryo ay ipinamulat sa kanya ng kanyang ina na isang deboto ni San Antonio de Padua. Bukod pa kay San Guillermo na binansagan nilang Lolo Emong, naging gawi na ni Sis Betty ang pagtawag kay San Antonio de Padua pangalawa sa Panginoon, sa oras ng kanyang pangangailangan.

Malaki ang naitulong kay Sis Betty ng catechism classes nung kanyang elementary grades mula Grade 3 hanggang Grade 6. Bukod sa pagdarasal, siya ay tinuruang maging magalang, maka-Diyos, at mapagmahal sa kapwa. Si Fr. Jun Pascual ang isa sa nagpalago ng kanyang pananampalataya lalung-lalo na sa aspeto ng pagkakaroon ng tibay ng kalooban upang hindi mawalan ng pag-asa sa buhay.

Pangarap ni Sis Betty na mas lumago ang Kawan at dumami pa ang mga pamilyang tuwirang lalahok sa mga gawain nito. Sa ngayon, gumagawa siya ng hakbang para makahikayat pa ng mga potential sub-kawan leaders na nakatakda niyang bigyan ng orientation seminar sa darating na Enero 2015.

Dahil sa pagiging maunlad ng BEC o Kawan ng San Guillermo bukod pa sa kanyang pagiging Modelong Layko, si Sis Betty ay inaasahan na isa sa mga tutulong sa pagsulong at paglago ng BEC sa ating Vicariate ng Immaculate Conception at Diocese ng Pasig.

Mabuhay ka Sis Betty! Saludo kami sa iyo!

*—Mary Ann Ochoa*

# 2000 HAIL MARY: UNITING ORGANIZATIONS FOR A DEEPER DEVOTION



*"The rosary is the book of the blind, where souls see and there enact the greatest drama of love the world has ever known; it is the book of the simple, which initiates them into mysteries and knowledge more satisfying than the education of other men; it is the book of the aged, whose eyes close upon the shadow of this world, and open on the substance of the next. The power of the rosary is beyond description."* – *Archbishop Fulton Sheen*

Every day of our lives is devoted to our mighty God, but the month of October is especially dedicated to our beloved Mother Mary as the month of the Holy Rosary. This may primarily be because the liturgical feast of Our Lady of the Holy Rosary is annually celebrated on the 7th day of October, established to honor the Blessed Virgin Mary for the protection and prayer requests that she grants the faithful Church.

In line with the celebration of the month of the Holy Rosary, the Legion of Mary came up with the *2000 Hail Mary* project. This project aims to unite the different organizations – from the parish ministries to local administrations of the barangay – in sacred prayer and devotion to the Blessed Virgin Mary through praying the holy rosary.

The idea was to encourage people, particularly the members of the church organizations, to actively participate in praying the rosary since most of them cannot attend the daily prayer and novena done in the parish. With the 2000 Hail Mary project, they will be able to join the whole San Guillermo community in reverent prayer and invocation.

The 2000 Hail Mary project was held last October 5, 2014 at the 2nd floor of the Formation Center of the San Guillermo Parish. Organizations attended on the specific time assigned to them and took turns in reciting all four mysteries of the rosary (joyful, sorrowful, glorious, and luminous) to complete the desired number of Hail Mary. The Cursillo Movement led the official opening of the program at exactly 7 o'clock in the morning. From that hour, the rosary was then solemnly prayed throughout the day by the different organizations. In addition, prayers were offered for a deeper devotion to Mama Mary, success of the papal visit, spiritual aid for our brothers and sisters in Syria and Iraq, and also the prayer intentions of each and everyone. Bro. Barry Villanueva, president of the Legion of Mary in San Guillermo Parish, led the closing prayer as the program ended at exactly 8 o'clock in the evening. This was offered for the intentions of Pope Francis, Bishop Mylo Hubert Vergara, and Rev. Fr. Joeffrey Brian Catuiran.

The Legion of Mary rejoiced as they were able to attain their goal of praying 2000 Hail Mary through the help of 175 faithful attendees who came and supported the project. This just shows how powerful prayer can really be – gathering people from different groups and uniting them in devoutness, bringing about the truest sense of devotion and love for our Almighty God and our beloved Mother Mary. Truly, the power of the rosary is beyond description.—*Jean Roselle Goloso*





LITURGICAL SEMINAR-PAKIKIISA NG LAYKO SA EUKARISTIYA
October 11, 2014



Ang prusisyon ng pagdiriwang ng Oktubre bilang buwan ng Banal na Rosaryo noong ika-25 ng Oktubre 2014.



## FIESTA 2015 UPDATES




Ipinakilala sa buong sambayanan ng parokya ang bagong Chair-Couple na mamumuno sa darating na FIESTA 2015 na sina Bro. Edgar Arellano at Sis. Precy Arellano. Kasabay nito ang pagpapakilala ng mga kandidato at kandidata ng LAKAN AT LAKAMBINI ng San Guillermo na nagmula sa iba't-ibang kawan sa ating parokya *(Kuha ni Mina Anore)*

MBG/pg.3—Tayo ay napupuno ng tuwa at saya. Gumagamit tayo ng ating pag-asa, pag-ibig, at paniniwala.

Sinusundan natin ang yapak ng ating modelo na si Maria ang ating ina. Ang MBG ay isang mapagmahal na institusyon na walang pagmamataas, walang galit, walang pagpapahalaga sa sarili at mapagmahal. Sa bokasyong Mother Butler, sa pamamagitan ng pagmamahal ni Hesukristo, kami ay napupuno ng lakas, tapang, awa, paniniwala at saya. Kami ay nagpapakita ng buong pagmamahal kay Hesus dahil naniniwala kami na bibiyayaan bilang tagasunod ng Diyos at bibigyan ng grasya ng Espiritu Santo. Kami ang "Brown Army of Mary" ang may katuwaang tawag sa amin ng mga Obispo. Kung inyong nararamdaman ang tawag ng Diyos at gusto ninyong tumulong sa pagkalat ng kanyang pag-ibig, HALINA AT SUMALI NA SA MBG

### OFFICERS:

MANZANO, MA. AURORA, President
PACHECO, MARILYN, Vice President
MABIGNAY, THERESA, Executive Secretary
SAN AGUSTIN, IMELDA, Recording Secretary
ABETO, CYNTHIA, Treasurer
PERPENIA, VALENTINA, Auditor
ATIENZA, MA. SUCHA, Vestment Custodian
CUSTODIO, ROSARIO, Vestment Custodian
MORALES, MERLINDA, Vestment Custodian

— *Mina Anore*